# Modyul Blg. 15
# Pagsusuri ng akda Batay sa Teyoryang Humanismo




## Tungkol saan ang modyul na ito?

O, ano kumusta ka na?  Maaliwalas ang dating ng mukha mo.Sigurado akong naging mabunga ang mga nakaraan mong aralin. Mabuti naman.  Ngayon narito pa ang isang modyul na magiging kawili-wili para sa iyo.  Ito'y hahamon na naman sa iyong kakayahan.

Alam kong pamilyar ka na sa mga akdang Asyano.  Ang akdang babasahin mo ay mula sa bansang Singapore na pinamagatang "Kung Mangarap Ka Nang Matagal."  Ito'y isinalin ng isang batikang manunulat na si Ruth Elynia Mabanglo.

Alam mo ba kung paano maaaring maging makabuluhan ang isang gawain gaano man ito kababa?  Iyan ngayon ang iyong tutuklasin sa pagbasa ng akdang inihanda para sa iyo.

O handa ka na ba?  Sige simulan mo na.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa akda.



## Paano mo gagamitin ang modyul  na ito?

Magiging gabay mo sa pagkatuto ang modyul na ito.  Makatutulong ito bilang patnubay sa mga tuntunin kung susundin mo ang mga tagubilin sa paggamit nito.

O, huwag kang mag-alala, ito'y ginawa para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang walang pag-aalinlangan ang Panimulang Pagsusulit sa bahaging Ano Ba Ang Alam Mo? Gabay mo ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa Tulong ng susi sa pagwawasto na hihiramin mo sa iyong guro, iwawasto mo ang iyon mga sagot. Kung marami kang mali, huwag kang mag-alala, tutulungan kang linawin ito sa Pagpapayaman at iba pang gawain.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito isagawa.

4. Isulat mo ang iyong sagot sa papel o notbuk.

5. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Hiramin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sa . pagwawasto.

6. Ingatan mo ang modyul na ito. Panatilihin mong malinis at walang punit ang bawat pahina.



## *Ano ba ang alam mo?*

Narito ang unang pagsusulit mo. Ito'y para lang masukat kung ano ang alam mo tungkol sa akda. Handa ka na ba?

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot

1. Ipinagbibili ng mga magnanakaw ang mga nakulimbat nila. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:

   a. nanakaw
   b. nahamig
   c. naagaw
   d. nawala

2. Sa kabila ng pagiging mababa at <u>kabagut-bagot</u> na trabaho, mahalaga at makabuluhan ito. Ano ang ibig sabihin ng may salungguhit?

   a. kainis-inis
   b. kasiya-siya
   c. kainip-inip
   d. katuwa-tuwa

3. "Tama na ang isang beer." Ito'y nagpapahiwatig na ang nagsasalita ay:

   a. matipid
   b. makatao
   c. mapagbigay
   d. mahilig uminom

4. Binisita ni Kwang Meng ang kapitbahay nilang si:

   a. Boon Teik
   b. Anne
   c. Me-I
   d. Boo Tiek

5. Inihatid sa bahay ni Kwang Meng ang pinsan ni Me-I na si

   a. Boon Teik
   b. Anne
   c. Cecilia
   d. Annie

6. Sumulat ng aklat na nais ipabasa agad ni Boon Teik kay Kwang Meng

   a. Nonya
   b. Narayan
   c. Me-I
   d. Pernakan

7. "Tuluy-tuloy," sabi ni Boon Teik na tumayo't inilahad ang isang kamay. "Upo ka, upo ka." Nagpapakita ito ng:

   a. mahusay na pakikisama
   b. pakikipagkaibigan
   c. masayang kapitbahay
   d. magiliw na pagtanggap

8. Dahil walang hilig sa pakikipagtalo, nanatiling tahimik si Kwang Meng. Ito'y nagpapakita ng:

   a. kawang-galang
   b. di mabuting tagapakinig
   c. mapagbigay
   d. ayaw na may naiinis sa kanya

9. May kaibigan kang ayaw makinig ng tamang paliwanag, ano ang gagawin mo?

   a. lalayasan ko
   b. iinisin ko
   c. hihintayin ko na iba ang magpaliwanag sa kanya
   d. pakikiusapan ko siyang muli akong pakinggan.

10. Bilang isang kabataan, paano mo malalaman na may kabuluhan ang iyong ginagawa?

   a. pinagbubuti ko ito
   b. nasisiyahan ang ibang tao
   c. ipinagmamalaki ng kapwa ko
   d. lahat ay tama

Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit na ito? Kung mabababa lang ang iskor mo, huwag kang mag-alala dahil simula pa lamang iyan. Tutulungan ka ng modyul na ito na maunawaan mo ang mga kasanayang dapat mong matutunan.

Sige hiramin mo ulit ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawa.

# *Aralin: KUNG MANGARAP KA NANG MATAGAL*



## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang–kahulugan ang mga piling salita/pahayag na may ibig ipahiwatig.

2. Nasusuri ang katauhan ng mga pangunahing tauhan sa akda.

3. Nabibigyang-halaga ang akda tuon sa magagandang saloobin at damdamin ng tauhan.


4. Napahahalagahan ang isang gawain gaano man ito kababa.


5. Nakasusulat ng mga tamang detalye upang mabuo ang kaisipan hango sa akda.


## *Mga Gawain Sa Pagkatuto*


**Alamin Mo…**

Panuto: Isaayos ang mga pinaghalong letra na nasa loob ng bulaklak upang makabuo ng iba't ibang uri ng gawain / trabaho . Ilagay sa ibaba ang iyong sagot.






Nasagutan mo bang lahat ang gawain? Madali di ba? Hiramin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo na ang iyong mga sagot.

**Basahin Mo …**

**KUNG MANGARAP KA NANG MATAGAL**
**(Isinalin ni Ruth Elaynia Mabanglo)**

KUMATOK SA PINTO si Kwang Meng kahit nakabukas ang pinto at nakikita niya si Boon teik na nakaupo sa sopa at nagbabasa.

“Tuloy, tuloy,” sabi ni Boon teik na tumayo’t inilahad ang isang kamay. “Upo ka! Upo ka! Nasa kusina ang misis ko’t tinatapos ang pagluluto ng ating hapunan. “Me-I!” tawag nito, “Narito na si Kwang Meng!”

Lumabas ang asawa nito, kasunod si Anne.

“Me-I, ito ang kapitbahay nating si Kwang Meng,” at saka bumaling sa kasunod na nagsasabing,”Palagay ko’y magkakilala na kayo ni Anne, pinsan ni Me-I.”

Binati ni Kwang Meng ang kabiyak ni Boon Teik. Maraming beses na niya itong nakita noon. Mukhang wala pa itong dalawampu, may maliit na pangangatawan at nakasalaming gaya ni Anne. Talagang namamana pala iyon ng pamilya, naisip niya na natutuwa. Nagulat siyang naroon si Anne.

"Iiwan muna namin kayong mga lalaki," humihingi ng paumanhin si Me-I. "Pasensiya ka na, Kwang Meng, may gagawin pa kaming mga babae sa kusina, kundi'y hindi tayo makapaghahapunan."

"Oo ba," sagot ni Kwang Meng.

Nahihiyang nginitian siya ni Anne, nasisiyahang nagulat siya sa pagkikita nila. Nagpunta na kapagkuwan ang mga babae sa kusinang nasa likod ng flat.

"Ano ang gusto mong inumin, Kwang Meng?" tanong ni Boon Teik.

"Tama na ang isang beer."

Kumuha si Boon Teik ng maiinom nila sa kusina. Iginala ni Kwang Meng ang mga mata sa buong salas. Simple ngunit may panlasa ang mga gamit doon. Light green ang pin ta ng kuwarto. Nakasabit sa dingding ang ilang print ng Van Gogh at cezannw at batik na gawa ng mga local artists. Palibhasa'y walang ibang nakasanayan kundi dingding na puti, naakit si Kwang Meng sa berdeng silid. May isang mahabang bookshelf na puno ng libro roon at saka isang record player na may katabing maraming long-playing records. Nagsabit ang asawa ni Boon Teik ng kurtinang batik na green at gold katerno ng mga cushion covers para sa sopa at dalawang armchair. Sa itaas, isang malaking Japanese paper lampshade na puti ang nakabitin, at nakatayo naman sa isang sulok sa likod ng mga armchair ang isang lampstand na may pulang lampshade. Sa ibabaw ng maliit, makitid at papahabang coffee table ay nakasalansan ang mga magazine, kasama ang isang bowl na Ikebana, ang Japanese-style na pag-aayos ng mga bulaklak. Hindi na-imagine ni Kwang Meng kailanman na mapagaganda at mapaaaliwalas ang isang flat ng Housing Development Board. Ang bahay nila mismo'y sama-samang kwarto lamang na mauuwian; walang pagtatangkang gawin itong isang lugar na matitirhan. Ang magagawa nga naman ng kaunting pagsisikap!. Interes lamang iyon, ang pangangailangang magkaroon ng interes, isang pangangailangang nagsasabi kung may interes sa buhay at pamumuhay ang sinuman, naisip niya.

Bumalik si Boon Teik na dala na ang mga inumin.

" Gusto ko ang pagkakaayos ng lugar n'yo, Boon Teik"

"Hindi kami gumasta nang malaki riyan," sabi ni Boon Teik. Si Me-I ang pumili ng karamihan sa mga furniture naming. Mahilig siyang mamili sa dating C.C.C. Junk Shop sa Newton Road gayundin sa mga tindahan sa Sungei Road na nagbebenta ng mga kung anu-anong luma. Alam mo siguro 'yon, kilala rin iyon bilang Thieves' Market."

Narinig na ni Kwang Meng ang lugar na iyon, pero wala siyang nabalitaan kundi napakabaho ng mga kanal doon. Tiyak na enterprising si Me-I dahil hindi man lang siya napigil ng mabahong amoy. Aywan niya kung totoo ang balita na noong araw, ipinagbibili roon ng mga magnanakaw ang mga nakulimbat nila, kaya kapag may isang napagnakawan, nagpupunta na ito sa Thieves' Market umagang-umaga kinabukasan upang mabawi ang ninakaw sa kanya. Siyempre pa'y binibili niya uli ito; ngunit sa mas murang halaga. Doon siguro nito nakuha ang pangalan.

Ilang nakapasong halaman na ferns at cacti rin ang nasa salas ni Boon Teik.

"Talagang dapat kong purihin ang panlasa mo. Parang kulungan ng baboy ang bahay namin kung ihahambing dito," sabi ni Kwang Meng.

"Pero hindi iyon ang talagang lugar mo! Hintayin mong makapag-asawa ka't magkaroon ng sarili mong flat. Natitiyak kong magagawa mo roon ang lahat ng gusto mong gawin. Parang kulungan din ng baboy ang bahay ng mga magulang ko, at tumira kami roon hanggang noong bagong ikasal si Me-I. Noong nakatira pa ako roon, hindi ako gumagawa ng kahit ano liban sa mag-ayos ng kwarto ko. Iba na ngayon. Bahay na naming ito."

"Maganda talaga ang pagkakaayos mo," bati ni Kwang Meng sa pangatlong pagkakataon.

"Sa palagay ko'y napakahalaga nito kung paano namumuhay ang isang tao. Ang isang bahay o tahanan gaya ng buhay, ay nababatay sa kung paano mo inaayos. Ganoon ang dapat maging pakiramdam natin para umayos pati ang sariling buhay natin. Nararamdaman kong hindi ganito ang ginagawa natin ngayon, lalo na tayong mamamayan ng postwar generation. Pasakay-sakay lang tayo, walang direksyon. Sa eskwela, ito ang pinipilit kong ituro sa aking mga estudyante. Mahalagang matutuhan nila ito."

"Magiging isang mabuti teacher ka, Boon Teik."

"Pinipilit ko. Lahat tayo'y dapat magpumilit. Anuman ang ginagawa natin, dapat natin itong pagbutihin."

"Kahit walang kahulugan ang trabahong ginagawa mo?" tanong ni Kwang Meng.

"Walang bagay na talagang walang kahulugan," pagpapalagay ni Boon Teik.

Napakalakas ng pagpapalagay na iyon kaya ibig tuloy maniwala ni Kwang Meng, bagaman hindi siya naniniwala. Pero sinabi niya iyon na parang kapani-paniwala, naisip ni Kwang Meng, tulad ng dapat gawin ng isang mabuting guro. Hindi naman talagang ang himig ng awtoridad ang nagdulot doon, kundi ang himig na nagsasaad ng katotohanan. Hinangad ni Kwang Meng na totoo na sana iyon.

Ngunit sa halip, sinabi niya, "Hindi ako lubos na naniniwala. May mga bagay at trabahong talagang walang kahulugan." Iniisip niya noon ang sariling trabaho niya.

“Maaaring walang kahulugan iyon sa tingin, pero hindi naman talaga. Depende iyan sa paraan ng pagtanaw mo. Naniniwala akong dapat itong tanawin mula sa malawak na pananaw ng lipunan. Isang social animal ang tao, dapat muna nating tanggapin ito. Nakabilang siya sa isang lipunan, at para makakilos ang lipunan, kinakailangang magkaroon ng iba’t ibang uri ng gawain. Ngunit anumang kategorya o uri ng gawain, nagkakaakma silang lahat na parang isa-isang bahagi ng isang masalimuot na makinarya, gaya ng isang relos halimbawa. Sa gayon, makikita mong mahalaga ang kahit isang maliit na piraso, ang bawat bahagi ng kabuuan.”

“Siguro nga. Pero hindi ba’t ito rin ang simulaing ginamit ng mga tao noong unang panahon para pangatwiranan ang pangangailangan nilang makapang-alipin? Parang ganito rin ang sinabi ng isang Greek Philosopher, di ba? Hindi ko lang matandaan ang pangalan.”

“Pero hindi natin tinatanggap ang pang-aalipin ngayon, sabi ni Boon Teik.

Tinatawag lang natin ito sa ibang pangalan, pero iyon din. Ang mapilitang gumawa ng mga trabahong walang kahulugan sa lipunan ay parang sapilitang pagpasok sa isang uri ng pang-aalipin.”

“Hindi naman,” tutol ni Boon Teik.

Dahil walang hilig sa pakikipagtalo, nanatiling tahimik si Kwang Meng. Walang kabuluhan para sa kanya ang pagtatalo dahil bibihirang tanggapin ng isa ang katwiran ng isa a; bibihirang makumbinsi ang isa at baguhin pagkatapos ang sariling palagay niya, tama man iyon o mali. Hindi, hindi ako maaakit na makipagtalo, pasya niya. Magiging dahilan lang iyon para mainis sa ‘kin si Boon Teik o mainis ako sa kanya; at ayokong mainis kay Boon Teik.

“Dapat mong maunawaang napakakumplikado ng makabagong lipunan; at habang lalong nagiging makabago ang anyo ng lipunan, lalo itong nagiging kumplikado at sopistikado; at sa ganitong uri ng lipunan, napakaraming mahahalagang uri at kategorya ng mga gawaing itinatakda sa tao, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas. Tunay na ang kalawakan ng pagkakaiba-iba ang nagtatalaga ng antas ng pagkasulong ng isang lipunan.”

Tumigil si Boon Teik, naghihintay marahil na ipagpatuloy ni Kwang Meng ang pakikipagtalo. Dahil sa walang tinanggap na sagot, nagpatuloy si Boon teik, “Maaaring hindi makatarungan sa tingin itong theory of human function na tagasibak ng kahoy at taga-igib ng tubig. Pero ito ang talagang essence ng demokrasya.”

Hindi ko sinasabing hindi ito tama; hindi ko rin tinututulang maaaring demokratiko ito; ang masasabi ko lang ay napakalungkot nito, sumaisip ni Kwang Meng ngunit hindi ito ipinarinig sa kaibigan.

“Alam kong malungkot ito ngunit hindi ito maaaring tutulan,” sabi ni Boon Teik na parang nabasa ang nasa isip ni Kwang Meng. “Pero sa huli, ang talagang problema’y kung

paano maipauunawa sa mga tao na sa kabila ng pagiging mababa at kabagut-bagot ng trabaho nila'y mahalaga't makabuluhan ito sa maayos na pagkilos ng lipunan," dagdag ni Boon Teik.

"Pero hindi pa rin 'yon makapagbibigay sa kanila ng anumang kasiyahan. Hindi pa rin no'n magagawang kawili-wili ang trabaho nila, di ba?" salag ni Kwang Meng.

"Hindi nga," sang-ayon ni Boon Teik. "Pero kung malalaman nilang makabuluhan ang trabaho nila, kung malalaman nilang may naiaambag iyon, kung makikita nilang nakatutulong sila sa pag-unlad at pagsulong ng lipunan, maaaring makatagpo sila ng kasiyahan sa katotohanang instrumental sila sa pagbabago ng lipunan, kaya magiging mas mainam na lipunan iyon para sa kanilang mga anak, at sa magiging anak ng kanilang mga anak. At kung hindi man kasiyahan ang matagpuan nila, kaunting ginhawa o pampalubag-loob man lang."

"Paano iyon magagawa, Boon Teik?"

'Tungkulin iyan ng ating mga polotiko. Kailangang bigyan nila ng edukasyon ang mga mamamayan upang malaman nila ito."

"Hindi ba't ginagawa na rin iyan ng mga politiko natin?"

" Oo"

"At babahagyang ginhawa ang natatagpuan natin."

Dumating sa bahaging ito ang mga babae mula sa kusina. Nakahain na ang hapunan.

Nakakahawig ng sa kanila ang flat, sa kusina rin inilagay ng mga Lim ang kanilang hapag-kainan, isang maliit na kwadradong apatan ang silya. Ngunit malinis at masaya ang kitchen-cum-dining roon nila, napipintahan ng lemon yellow. May mga sariwang bulaklak na nakalagay sa bote sa ibabae ng mesa, ilang tangkay ng Golden Shower Orchids.

Ilang lutong nonya ang inihanda ni Me-I. Nalaman ni Kwang Meng pagkaraan na ito at si Anne ay buhat sa matandang angkan ng Pernakan, at naroon na sa pook na iyon ang mga ninuno nila nang mahigit isandaang taon. Ang mga Pernakang ito na lalong kilala sa nonya at bilang babae ng matatandang straits-born Chinese na lumuwas sa Malaya at Singapore maraming salinlahi na ang nakalilipas. Sa loob ng mga taon, nakabuo sila ng natatanging anyo ng kulturang bagaman ethnically Chinese ay may ilang impluwensyang Malay sa paraan ng kanilang pagdadamit, pagsasalita at sariling uri ng maaanghang na pagkain. Naiibigang mabuti ni Kwang Meng ang huli, paborito niya ang nonya at laksa mula sa pulo ng Penang, ang nasi lemak o kaning may lasang buko, ang otak-otak, sambal at curry, at ang kuay. Nang gabing iyon, nasi lemak ang niluto ni Me-I.

"Gusto mo bang mga lutong nonya, Meng?" tanong ni Anne.

"H'mmmmmm! Ang sarap , Me-I," pagpupuri ni Kwang Meng.

"Oy, masarap ding magluto si Anne," sabi ni Me-I.

Namula si Anne. "Hindi kasing-husay mo," nginitian ni Anne ang pinsan.

"Ikaw ang dapat magsabi niyan Kwang Meng," sabi ni Boon Teik. "Kailangang matikman mo ang luto ni Anne."

"Tama, sa susunod, si Anne ang paglulutuin namin para sa iyo," sabi ni Me-I.

Pagkahapunan, bumalik ang mga lalaki sa salas. Nagdala ng dalawang beer si Boon Teik samantalang naiwan para magligpit ang mga babae.

Dalawang taon na silang kasal, sabi sa kanya ni Boon Teik. Kaga-graduate lang niya noon ng T.T.C. at kae-enroll ni Me-I bilang estudyante. Nang unang ilang buwan, nakipanirahan sila sa mga magulang ni Boon Teik pero hindi naging mabuti iyon. Wala silang privacy sapagkat napakalaki ng pamilya ng mga magulang niya. May mga tiyuhin, tiyahin, at iba pang nakikita bukod sa talagang pamilya. Hindi talagang angkop iyon para sa pagsisimula ng isang kakakasal ng mag-asawa. Pagkaraa'y sinwerte sila. Nag-aplay sila at nakakuha ng sarili nilang flat. Naging napakasaya nila noon.

Dinama ni Kwang Meng ang kapaligiran sa flat ng kanyang kaibigan. Taglay nito ang tahimik na kapanatagan at kaluwagang sumasalamin sa mapayapang kalagayan ng pagsasama ng mag-asawa. Naniniwala siyang ang isang matagumpay na pag-aasawa ay higit na maganda kaysa alinmang bagay. Tunay na isang mainam na bagay ang pagkakaroon ng marital bliss; pero hindi lahat ng pag-aasawa ay nagiging maligaya. Pumasok sa isip niya si Hock Lai at Cecilia iyon, at mas nararamdaman ito ni Hock Lai kaysa kay Cecilia. Ngunit ipinagpatuloy nila ito, buong kasiyahan at buong pagwawalambahala! Napakasaya kahit sa harap ng panganib ! Sa loob ng isang taon, kundi man bago dumating ang isang taon, nambabae si Hock Lai, at sa loob ng ilang taon, makakasanayan ito ni Cecilia, tatanggapin niya ito ("Parang negosyo ito, alam mo namang kailangan kong mag-entertain," sasabihin iyon ni Hock Lai), hanggang sa matutuhan nitong magpalipas ng oras sa paglalaro ng mahjong.

Nagpatugtog ng isang plaka si Boon Teik. Isang Brahms' symphony iyon, sabi nito, at saka lumabas para kumuha ng marami pang beer. Tumayo si Kwang Meng at tumingin-tingin sa mahabang bookshelf. Marami-raming collection ng libro si Boon Teik, karamihan doo'y paperbacks sa literature, history at politics.

"Masyado ka palang palabasa," sabi ni Kwang Meng kay Boon Teik nang makabalik na ito sa silid.

"Oo, enjoy ako sa pagbabasa. Gano'n din si Me-I. Hindi naman kami palalabas, bihira rin kaming dumalo sa mga social functions. Kung minsan, nanonood kami ng sine. Wala rin kaming telebisyon. Parang takot kaming bumili. Nalaman kong nagiging addict doon ang mga tao. Masama iyon sa palagay ko."

"Sana marami na rin akong nabasa," sabi ni Kwang meng.

"Hindi pa naman huli para magsimula ka, Kwang Meng. Welcome ka para hiramin ang mga libro ko. Kahit anong oras. Tutal, diyan ka lang nakatira sa katabing pinto."

"Salamat. Pero tamad na tamad na akong bumasa."

"Wala iyon. Mabubuhos ang loob mo kapag nagsimula ka na. Magsimula lang ang dapat; at maiinam na libro lang ang dapat mong basahin. Sa gano'n hindi ka mababagot. Literatura na ang pinakamagandang pagsimulan. Marami kang matututuhan sa literature."

Agad namang namili ng ilang libro si Boon Teik para kay Kwang Meng. Crime and Punishment ni Dostoyevsky, To Have And To Have Not ni Hemingway, at ang The Maneater of Malgudi ni Narayan.

"Sus, aabutin ako ng siyam-siyam sa pagbabasa niyan!" sabi ni Kwang Meng.

"Huwag kang magmadali. Hindi mo naman kailangang isauli iyan agad. Unahin mo si Narayan," payo ni boon Teik, "siguradong matatawa ka riyan."

"Sinamahan na sila ng mga babae makaraang tapusin ang mga ligpitin sa kusina. Bawat isa sa kanila'y may dalawang maliit na puswelo ng black coffee.

"Hinihiram mo ang ilang libro ni Boon Teik?" tanong ni Anne. "Patingin kung alin-alin iyan."

Iniabot dito ni Kwang Meng ang mga libro.

"A, nakakatawa ang isang ito," sabi ni Anne na itinataas ang kay Narayan.

"Dapat tayong bumili ng iba pang libro niya," sabi ni Me-I sa kanyang asawa.

"Wala akong makita," sagot ni Boon Teik. "Napuntahan ko na ang lahat ng bookshop dito, wala talaga. Sana mayroon ditong magagandang bookshops.

Hindi alam iyon ni Kwang Meng. Pero talaga namang hindi pa siya nakapagbasa-basa sa isang bookstore kahit kalian.

"Tapos na ang plaka, Teik", sabi ni Me-i.

Lumapit si Boon sa record player.

"Huwag ka nang magpatugtog ng bago," sabi ng asawa nito. "Kausapin na lang natin ang ating mga bisita."

Kaya pinalipas nila ang oras sa pag-uusap. Nakapagsalita nang mas marami si Kwang Meng kaysa karaniwan niya at hindi niya ito namalayan.

Pagkatapos. Gaya ng inaasahan sa kanya ng lahat, nagprisinta si Kwang Meng na maihatid pauwi si anne. Nagpaalam sila kina Boon Teik at Me-I at lumakad sa pasilyo pababa sa hagdanan upang hintayin ang lift pagkaraan.

Sa lansangan, malamig at nakakapresko ang hangin.

Naging matahimik si Kwang Meng sa oras na ito. Itinuro niiya kay Anne ang kumpol ng mga punongkahoy.

“Rain trees,” sabi nito. “Hindi ba matanda na sila’t maganda?”

“Oo, kung minsan, kumikinang sila kapag maliwanag ang buwan sa gabi.”

“Gusto ko silang makita kapag maliwanag ang buwan,” sabi nito.

Tumango siya. Sumakay sila sa isang bus papauwi sa bahay ni Anne. Walang laman ang bus. Abala ang konduktor sa pagbibilang ng mga baryang nakatago sa isang malaking bag na may strap na nakabitin sa balikat nito. Pagkaraang makuha ang bayad ng dalawa sa pasahe, hindi na sila pinansin nito. Kapwa sila nag-iisa, magkasama.

Nang papauwi na siya pagkaraan, naramdaman niya ang bigat ng mga libro sa kamay niya. Nagbibigay ng kung anong katiyakan. Isang nakasisiyang gabi iyon para sa kanya, at nakipagkasundo siyang makipaglaro ng badminton kay Boon Teik sa darating na Linggo ng umaga at isasama sa swimming si Anne sa sinusundang Sabado ng hapon. Pagdating ng bahay, himiga siya’t madaling nakatulog.

Nagustuhan mo ba ang binasa mo? Di ba kasiya-siya ang ugali ng pangunahing tauhan. Para sa kanya anumang gawain kailangang bigyan importansya ito. Kung naunawaan mo ang iyong binasa, masisiyahan ka sa aking mga inihandang gawain.

**Linangin Mo…**

# *Pagsusuring panlinggwistika*

a. Panuto: Piliin at bilugan ang tamang sagot

1. “Magiging isang mabuting tiser ka.” Ang ibig ipahiwatig ng pahayag ay:

   a. pang-iinis
   b. papuri
   c. pambastos
   d. pagpapalaki ng ulo

2. Nagprisinta si Kwang Meng na ihatid si Anne. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:

   a. nagmagandang loob
   b. nanguna
   c. nagpasya
   d. nagyabang

3. Nakakuha sina Boon Teik ng isang flat sa Housing Development Board. Ibig sabihin ng flat ay:
   a. house and lot
   b. housing loan
   c. apartment
   d. condominium

4. Sa ibabaw ng maliit at pahabang coffee table ay may nakapatong na isang bowl ng Ikebana. Ang Ikebana ay pag-aayos ng bulaklak na ang istilo ay:

   a. Chinese
   b. Malaysian
   c. Japanese
   d. Singaporean

5. "Ano ang gusto mong inumin, Kwang Meng? Ang pahayag ay nagpapakita ng :

   a. pag-aalala
   b. pagbabalewala
   c. pagkatakot
   d. pang-iinsulto

b. Ibigay ang kahulugan ng mga pariralang nasa loob ng bilog. Isulat ang sagot sa patlang

Malawak
na
pananaw

______________________________________

Itinakda
sa
tao

________________________________________

Nagtatalaga
ng
antas

________________________________________

Tahimik
na
kapanatagan

________________________________________

Nangingiti ka. Sigurado akong nadalian ka sa ibinigay ko sa iyo. Hala kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawa.

## *Pagsusuring pangnilalaman*

Matapos mong gawin iyan, ang susunod mo ngayon ay pagkilala naman sa dalawang pangunahing tauhan sa akda. Paano? Madali lang. Sundin mo lamang ang hinihingi ng tsart.

BOON TEIK

| | |
|---|---|
| Katangian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |

| | |
|---|---|
| Katagian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |

| | |
|---|---|
| Katagian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |

KWANG MENG

| Katagian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |
|---|---|
| | |

| Katagian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |
|---|---|
| | |

| Katagian:<br><br>Sinabi | Paliwanag |
|---|---|
| | |

Nagustuhan mo ba ang iyon ginawang pagsusuri sa pangnilalamam.  Kaiba di ba?


Matapos mong masagutan ang iyong mga gawain, narito pa ang karagdagang impormasyon tungkol sa akda.  Dahil sa pagbabasa ng isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo, ang binibigyan pansin ay ang tauhan.

Sa teoryang humanismo, ang focus ng pagbasa ay nakatuon sa mga saloobin at damdaming inilalahad ng tauhan.  Sa pamamagitan nito, itinataas ang karangalan ng tao bilang sentro ng akda.


## *Pagsusuring pampanitikan*

Ngayong nabatid mo na ang teoryang humanismo, suriin mo ang akdang Kung Mangarap Ka Nang Matagal na nagpapakita ng magandang saloobin at damdamin ng tauhan.

a.  Isulat mo ang magagandang saloobin ni Boon Teik



b.  Itala mo naman ang magagandang damdamin ni Boon Teik




## *Halagang pangkatauhan*

1.  Nagtalo sina Boon Teik at Kwang Meng tungkol sa pang-aalipin, at di na nakipagtalo pa ang huli. Kung ikaw si KwangMeng, ganoon din ba ang gagawin mo?  Bakit?

2.  College graduate ka pero di ka makahanap ng trabahong akma sa iyong natapos na kurso, sa halip janitor ang napasukan mo sa isang malaking kompanya.  Paano mo mapahahalagahan ang iyong trabaho?

Nadalian ka ba sa mga inihanda kong gawain?  Iwasto mo na.  Hiramin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Narito pa ang ilang gawain na makadaragdag pa sa iyong kaalaman

**Palalimin Mo…**

Panuto: Lagyan ng puso ♡ kung ang pahayg ay naglalahad ng Pandamdamin at star ☆ kung pangkaisipan ang bisa nito.

__________1. Magiliw na pagtanggap sa panauhin.

__________2. Hindi nakikipagtalo sa kausap.

__________3. Masinop sa mga kasangkapan

__________4. Mahusay makipagkaibigan

__________5. Anuman ang ginagawa natin, dapat itong pagbutihin.

__________6. Mapagmahal na asawa si Me-I.

__________7. Masayang nakipag-usap ang mag-asawa kay Kwang Meng.

__________8. Kusang loob na pagpapahiram ng mga aklat ni Boon Teik kay Kwang Meng.


__________9. Pagpiprisinta ni Kwang Meng na maihatid sa bahay si Anne.

_________10. Paghanga ni Kwang Meng kay Anne.

Sigurado ako na nagkaroon ng bisa sa iyong damdamin at isipan ang akdang binasa mo. Iwasto mo na ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Gamitin Mo…**

Panuto: Piliin sa mga nakatala sa ibaba at isulat ang tamang sagot na hinihingi sa dayagram.




Mga Pananaw

1. Magiging isang mahusay na titser
2. Mahusay mag-ayos ng bahay
3. Masarap magluto
4. Magiliw tumanggap ng panauhin
5. Mapag-alala
6. Maunawain

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto na hihiramin mo sa iyong guro.

Mataas ba ang nakuha mong iskor? Kung gayon binabati kita.

Gawin mo naman ang susunod na pagsasanay.

**Sulatin Mo…**

Panuto: Punan ang mga puwang ng mga tamang detalye upang mabuo ang kaisipan ng akda.

Binisita ni __1___ ang kanyang kapitbahay na sina _____2______ at ___3___. Pinagmasdan ni Kwang Meng ang loob ng bahay at humanga siya dahil ___4___. Habang nagluluto ng hapunan si Me-I at ang kanyang pinsang si ___5___, nag-uusap ang dalawang lalaki. Sa kanilang pag-uusap, ipinaliwanag ni Meng na mahilig sa Boon Teik na ___7___. Pinahiram siya ni Boon Teik ng ___8___ upang masimulan ang ___9___. Pagkatapos ng hapunan at kwentuhan, nagpaalam na si Kwang Meng at boluntaryo siyang ___10___.

Mga Pamimilian

| | |
|---|---|
| a. gusto niya ang pagkakaayos nito | g. Anne |
| b. maihatid si Anne | h. Kwang Meng |
| c. pagbabasa | i. magbasa |
| d. maghalaman | j. Boon Teik |
| e. Me-I | k. makabuluhan |
| f. mga aklat | l. mag-ayos ng bahay |

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Alam kong kayang-kaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Lagumin Mo…**

Panuto: Lagyan no ng tsek sa tabi ng bawat bilang na tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

______1. Kaalaman sa teoryang humanismo.

______2. Wastong pagtanggap sa panauhin.

______3. Pagpapakahulugan sa mga pahayag na may pahiwatig.

______4. Mapag-alala sa kapwa

______5. Nagbibigay-puri sa maybahay.

______6. Pagiging isang mabuting titser


______7. Makabuluhan ang lahat ng trabaho

______8. Pagkakaroon ng interes sa pagbabasa.

______9. Kahalagahan ng kahit isang maliit na piraso, ang bawat bahagi nito ay kabuuan.

_____10. Walang bagay na talagang walang kabuluhan.

Madali kang nakatapos sa mga gawain. Alam kong kayang-kaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. O, sige iwasto mo na.



## *Gaano ka na kahusay?*

Matapos ang maraming gawain at pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, sagutin mo naman ang panghuling pagsubok upang malaman ko kung gaano ang natutuhan mo sa modyul na ito.

O handa ka na ba?

Simulan mo na.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Dinama ni Kwang Meng ang kapaligiran sa flat ng mag-asawa. Taglay ang <u>tahimik na kapanatagan</u> nito. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:

a. tahimik na kapaligiran
b. panatag na kalooban
c. mapayapang kalagayan
d. lahat ay tama

2. "Gusto ko ang pagkakaayos ng lugar ninyo." Ito'y isang

a. papuri
b. pang-iinsulto
c. pang-iinis
d. pambabastos

3. "Hmmm! Ang sarap ng luto mo Me-I." Ang pahayag ay isang

a. pagyayabang
b. pang-iinis
c. pang-iinsulto
d. papuri

4. Ilang beer ang hiningi ni Kwang Meng?

a. isa
b. dalawa
c. tatlo
d. wala

5. Ang natapos na kurso ni Boon Teik ay:

a. doctor
b. guro
c. abogado
d. wala

6. Mahilig magbasa ng libro si

a. Anne
b. Kwang Meng
c. Cecilia
d. Boon Teik

7. Kinakitaan agad ng pagkagiliw si Kwang Meng kay Anne. Ang bisang ipinakita rito'y

    a. pandama
    b. pandamdamin
    c. panlasa
    d. pangkaisipan

8. Naniniwala si Boon Teik na makabuluhan at mahalaga ang lahat ng trabaho gaano man ito kaliit / kababa. Bisa ito sa:

    a. pandamdamin
    b. paningin
    c. pangkaisipan
    d. panlasa

9. Walang mang-aalipin, kung walang paaalipin. Ito'y isang:
    a. kasabihan
    b salawikain
    c. kuro-kuro
    d. sabi-sabi

10. Ang magkaibang opinion / pananaw sa buhay ay isa sa mga dahilan kung bakit di nagkakaintindihan ang dalawang panig.Ito'y isang:

    a. haka-haka
    b. salawikain
    c. katotohanan
    d. sabi-sabi

O kumusta na ang iskor mo? Kung nakakuha ka ng 7-10 binabati kita. Kung 6 pababa ang nakuha mo, gawin mo ang susunod na pagsasanay na kaugnay rin ng ating aralin. Maaari mo na itong simulan.

## *Paunlarin mo…*

Panuto: Bumuo ka ng slogan tungkol sa aralin. Hanguin at ayusin mo ang mga ginulong salita na nasa loob ng scroll.

mapagkawanggawa

ng kapwa

ang isang

mamahalin

ang karunungan

di palabasa

walang

matatamasa

pahalagahan na

mababa uri natin

kailangan ng

gawin mataas